THE CROW
Montessori Integrated School of Antipolo Official Student Publication



# BUWAN NG WIKA: PAGDIRIWANG SA ELEMENTARYA

*Buwan ng Wika, pusong Pilipino, wagas at walang kapantay.*

YASHIKA QUIROS



PHOTO TAKEN BY FRENTE MACALIBOG

Tunghayan ang nakakaaliw at nakagagalak na pagtatanghal ng mga elementarya noong ika-27 ng Agosto, taong 2025!

**Taun-taon, isa sa pinakaaabangang kaganapan sa paaralan ang Buwan ng Wika, isang selebrasyon na nagbibigay-diin sa pagmamahal sa sariling wika, pagpapahalaga sa kultura, at pagpapakita ng talento ng kabataan. Sa kaganapang ito, tampok ang iba't ibang pagtatanghal ng mga estudyante mula sa iba't ibang baitang, mula sa lower elementary hanggang sa junior high school (mga kasali lamang sa MISCraft).**

**Nagsimula ang programa sa isang pambungad na pananalita mula sa mga mag-aaral na bahagi ng pagiging punong-abala na sina Zoe, Ralph, at Skylee, na mula sa iba't ibang baitang ng elementarya at mahuhusay sa pagsasalita.**

Ang unang pagtatanghal ay sinimulan din ng mga Junior High School MISCraft na may pamagat na "Piliin Mo ang Pilipinas." Sa makulay at nakahuhumaling na indak, ipinakita ng mga estudyante ang pagmamalaki sa sariling kultura at ang yaman ng pagkakakilanlang Pilipino.

Ang Upper Elementary ay nagpakita ng pagsasadula ng mga tradisyunal na kaugaliang Pilipino, na ipinakita sa pamamagitan ng sayaw na Singkil at Kappa Malong-Malong. Ang mga bata mula sa Lower Elementary ay nagbigay ng magagandang pagtatanghal tulad ng Maglalatik, Bulaklakan, at Itik-Itik, habang ang mga batang nasa gitnang baitang ay nagpakita ng husay sa Sayaw sa Bangko at Sinulog Dance, isang tradisyon ng Visayas na nagpapakita ng pananampalataya at kasayahan ng mga Pilipino.



PHOTO TAKEN BY MIA ASUNCION







PHOTOS TAKEN BY MIA ASUNCION

THE CROW
Montessori Integrated School of Antipolo Official Student Publication





Bago nagwakas ang programa, ipinakilala ang mga hurado na nagsilbing gabay sa pagpili ng mga pinakamahusay na pagtatanghal. Kasunod nito, ipinagdiwang ang tatlong nagwagi mula sa bawat baitang sa pagtutula, na may malalim na pagpapahalaga sa kanilang kahusayan sa pagpapahayag ng mga tula. Ang mga nagwagi ay ipinagmamalaki ang kanilang talento sa pagbigkas ng mga tula na nagtatampok ng mga diwa ng kultura, kasaysayan, at mga pagpapahalagang Pilipino. Ang kanilang mga tula ay nagsilbing inspirasyon sa lahat, at ipinakita ang galing at tapang ng mga kabataan sa pagpapahayag ng kanilang pagmamahal sa wika at kultura.





PHOTOS TAKEN BY MIA ASUNCION

**Ang Buwan ng Wika ay hindi lamang selebrasyon ng wika kundi isang mahalagang pag-alala at pagpapahalaga sa yaman ng kulturang Pilipino. Sa pamamagitan ng mga kabataan, ang diwa ng pagiging Pilipino ay patuloy na naipapasa sa susunod na henerasyon.**

Visuals and Layout: **Fiona Sibal**

Rewriting supervision by: **Kaila Ancheta**
Proofreading supervision by: **Jasmine Tolentino**